



## Aralin 5

### “SUMAMPALATAYA KAYO SA AKIN”

*Juan 14:1-11*

**LAYUNIN:** Pagkatapos ng araling ito...

- Mauunawaan ninyo kung ano ang tunay na pananampalataya ayon kay Jesus at bakit tayo dapat patuloy na sumampalataya sa kanya.*
- Pahahalagahan ninyo ang laki ng kaibahan ng isang buhay na nagpapatuloy sa pananampalataya kay Cristo kung ikukumpara sa isang buhay na nagapi ng mga pangyayari sa buhay at hindi nagpatuloy na sumampalataya.*
- Susuriin ninyo ang kalagayan ng inyong pananampalataya ngayon at isasapuso ang mga dapat isaalang-alang kapag dumating ang mga bagay na nagiging dahilan ng panghihina ng pananampalataya kay Jesus.*

### PANIMULA

1. Sa anong bahagi ng buhay mo bilang Cristiano nakita mong ang pananampalataya mo ay pinakamababa o pinakamahina? Ano ang dahilan?

**Tulay sa Pag-aaral:** May mga pangyayari sa buhay natin na nagiging dahilan kung bakit nagiging marupok ang ating pananampalataya. Sa malapit nang “pag-alis” ni Jesus dahil sa kanyang parating na kamatayan at pagbalik sa Ama sa langit, isa itong pangyayaring maaaring maging dahilan ng panghihina ng pananampalataya ng kanyang mga alagad. Ngunit ayon kay Jesus, hindi dapat magkaganoon. Kaya nga sinabi ni Jesus sa Juan 14-16 ang mga salitang kailangan nila upang magpatuloy silang manalig sa kanya (16:1). Nagbigay siya ng tagubilin sa 14:1 upang matulungan silang magpatuloy sa pananampalataya, “Sumampalataya kayo sa Diyos; sumampalataya rin kayo sa akin.”

### PAGSASALIKSIK

2. Ayon sa verse 1 at sa mga darating na pangyayari sa buhay ng mga alagad ni Cristo, bakit kailangang sabihin ito ni Jesus sa kanila? Ano ang ipinapakita nitong karaniwang kalagayan ng pananampalataya ng isang Cristiano?
3. Ayon sa verse 1 at 11, paano ninyo isalarawan ang pananampalatayang nais ni Cristo na magkaroon sila? Kanino dapat sumampalataya? Ito ba ay paniniwala lang sa isip? Ito ba ay simula lang ng buhay Cristiano? Patunayan.

4. Ang pagsisisi (Aralin 3), paglapit kay Jesus (Aralin 4), at pananampalataya ay iisang bagay lang at hindi maaaring paghiwalayin. Ano sa tingin ninyo ang kaugnayan ng pagsisisi at paglapit kay Jesus sa pananampalataya?
5. Basahin ang verses 2-3. Anong pag-asa ang ibinibigay ni Jesus sa kanyang mga alagad kung sasampalataya sila sa kanya? Bakit mahalagang isaisip nating mga Cristiano ang katotohanang ito?
6. Basahin ang verses 4-6. Ang isang tao ba ay may pag-asang makalapit sa Ama sa langit sa pamamagitan ng ibang bagay maliban kay Cristo? Patunayan. Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa klase ng pananampalataya na nais ni Jesus na mayroon tayo?
7. Basahin ang verses 7-10. Bagamat maganda ang kahilingan ni Felipe kay Cristo, bakit hindi ito tumpak? Paano ipinakilala ni Cristo ang kanyang sarili dito? Sa paanong paraan nagiging katulad tayo ni Felipe na humihiling ng iba pang bagay sa gayong nasa kanya na ang pinakamainan (si Jesus)?
8. Sa mga nakitang dahilan na ibinigay ni Jesus upang magpatuloy tayo sa pananampalataya, ano ang nakita mong pinakamahalaga sa sitwasyong nararanasan mo ngayon? Bakit?

### PAGSASABUHAY

9. May mga panahon ba na parang ang baba na ng pananampalataya mo kay Jesus dahil sa ilang mga kabigatan o pagsubok sa buhay Cristiano? Anu-ano ang tatandaan mo (ayon sa araling ito) kapag dumating ulit ang mga ganoong pagkakataon?
10. Ano sa tingin mo ang magiging kalagayan ng buhay mo kung hindi ka na magpapatuloy na sumampalataya kay Cristo? Ano ang kaibahan nito sa kalagayan mo ngayong patuloy na nagtitiwala sa kanya? Sama-samang magpuri sa Diyos at manalanging patibayin ang inyong pananampalataya.

#### K-GROUP ASSIGNMENT

- Isaulo ang Juan 14:1, 6.